Headline	Anakalusugan: Layunin ng UHC, ‘wag sirain sa IRR
MediaTitle	Abante Tonite Online (www.abante-tonite.com)
Date	06 May 2019
Section	NEWS
Order Rank	2
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

Anakalusugan: Layunin ng UHC, ‘wag sirain sa IRR

Nanawagan ang Anakalusugan party-list para sa mas transparent na pagbalangkas ng Implementing Rules and Regulations ng Universal Health Care Law.

Ayon kay Anakalusugan party-list nominee Mike Defensor, kailangang matiyak na ang layunin ng UHC na pinirmahan ni Pangulong Rodrigo Duterte ay hindi matunaw sa binubuong IRR.

“Hindi kaila sa ating lahat kung paanong galit na galit ang Pangulong Duterte sa mga nagwawaldas ng pera ng bayan. Katunayan, noong Hunyo 2018, sinibak ng Pangulo ang pinuno ng PhilHealth dahil sa mga alegasyon ng korupsyon,” ani Defensor.

“Kailangan tiyakin na ang mga kahinaan ng PhilHealth ay hindi na mauulit sa ilalim ng UHC. Ang Anakalusugan ang tatayong kakampi ng Pangulo at mata ng ordinaryong Pilipino na magbabantay sa tamang pagpapatupad ng batas na ito upang masiguro ang tunay na inclusive at universal na sistemang pangkalusugan,” dagdag pa niya.